Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY BAGUMBAYAN NOONG IKA-17 NG MAYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ Pang. Punong Bayan
Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 216-T'2000

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. RODOLFO SAN LUIS, KINATAWAN NG IKAAPAT NA DISTRITO NG LAGUNA NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG ISANG MILYONG PISO (P1M) PARA SA PAGPAPAGAWA NG KALSADA MULA SA BRGY. BAGUMBAYAN HANGGANG SA BRGY. GATID NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T,** matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na makagawa ng mga pamamaraang makatutugon sa mga suliraning humahadlang sa maayos na pamamahala sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** kasama sa mga dapat na pag-ukulan ng pansin ng pamahalaang bayan ay ang pagkakaroon ng isang maayos na paggamit ng mga daan para sa mga sasakyan, tungo sa mabilis at maginhawang paglalakbay;

**SAPAGKA'T,** may plano at programang ginawa ang pamahalaang bayan para sa pagtatayo ng kalsada sa mga Brgy. Bagumbayan at Gatid;

**SAPAGKA'T,** malaking pakinabang sa mga mamamayang nagdadala ng kanilang mga kalakal ang pagkakaroon ng nasabing daan upang makapagpabawas sa pagsisikip ng daloy ng mga sasakyan papasok at palabas ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan upang makapagpagawa ng nasabing pagawain;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, Jeffrey A. Villaseñor at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na humiling sa Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P1M para sa pagpapagawa ng kalsada mula sa Brgy. Bagumbayan hanggang sa Brgy. Gatid ng bayang ito.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 216-T'2000)



**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALVONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan